

Taon XXXIV Blg. 22 Disyembre 21, 2003 www.philippinerevolution.org

Bagong programang amnestiya ng rehimeng Arroyo

Isa na namang pagtraydor sa mamamayan

ukod sa pagiging isang mumurahin at desperadong gimik sa pulitika, ang baqong programang amnestiya ng rehimeng Arroyo ay pagtatangka na naman ni Gloria Macapagal-Arroyo na tusong baligtarin ang mga pangkasaysayang hatol ng bayan laban sa pinatalsik nilang mga buhong ng Malakanyang sa katauhan nina Ferdinand Marcos at Joseph Estrada.

Ang bagong alok na amnestiya ay mariing kinukundena ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa at ng malawak na masa ng sambayanan, ng oposisyon sa pulitika at maging ng marami sa mismong kampo ni Arroyo.

Bunsod ng kanyang desperasyong kumapit sa poder at ipanalo ang darating na eleksyon, sinisikap ni Arroyo na makuha ang suporta ng mga Marcos at Estrada sa pamamagitan ng pag-alok sa kanila ng isang tahasang anti-mamamayang programang amnestiya. Sa proseso, nangangarap si Arroyo na

mapagkakaisa niya ang reaksyunaryong buong naghaharing uri para sumuporta sa kanya, at nang sa gayon ay makabig sa linyang "pambansang pagkakaisa".


Ang ganitong pagalok ng amnestiya sa mga Marcos at Estrada ay umaalinsunod sa patakaran ng lihim na pakikipagkutsabahan ni Arroyo sa mga oposisyong paksyon

ng mga reaksyunaryong naghaharing uri.

Mula't sapul nang maupo si Arroyo sa poder, wala siyang tiqil sa pagbibigay ng napakaraming kunsesyon sa mga kalaban niyang pangunahing oposisyong paksyon. Ikinokompromiso lamang ng mga kunsesyong ito ang interes ng mamamayan. Kabilang sa mga ito ang mga pag-aantala sa takbo ng mga kaso ni Estrada at ang pagbibigay sa kanya ng napakaraming espesyal na pribilehiyo sa bilangguan tulad ng pagpayag na

sang militar ng diktadurang Marcos.

Kunq matutuloy si Arroyo sa balak nitong pagbibigay ng amnestiya sa mga Marcos at Estrada, tuluyan nang ipagkakait ang hustisya sa sambayanang Pilipino



Mga tampok sa isyung ito... Usapang NDFP at GRP

Pahina 3

Kongreso ng Christians for National Liberation Pahina 6

Radyo Gil-ayab sa Cagayan

Pahina 7

na biniktima ng malulubhang krimeng panunupil at pandarambong ng mga rehimeng Marcos at Estrada. Mapagpasyang hinatulan na ng bayan ang mga Marcos at si Estrada sa kanilang mga pagkakasala. Tanging ang iba't ibang reaksyunaryong rehimen mula 1986 ang patulov na pumipigil sa ganap na pagsasakatuparan ng hustisya kapalit ng kanilang mga makasariling interes. Sa partikular, ang rehimeng Arroyo ay garapal na nagsisikap na samantalahin ang mga kaso nina Marcos at ni Estrada upang makipagtawaran lamang para sa mga kunsesyong pampulitika mula sa mga ito. Kaalinsabay, palaging niloloko rin lamang siya ng mga ito.

Ang mag-asawang Arroyo mismo ay kinasuhan din ng mga organisasyon ng mamamayan, gayundin ng reaksyunaryong oposisyon ng malakihang katiwalian. Karapat-dapat silang hatulan tulad ng paghatol ng bayan sa mga Marcos at kay Estrada. Hindi kataka-takang ang isang dambuhalang mandarambong at sagad-sagarang oportunistang tulad ni Arroyo ay makaisip na magkaloob ng amnestiya sa iba pang dambuhalang

mandarambong para sa kapwa nilang interes.

Ibayong nawawalan ng pasensya ang mamamayan at nagdududang mapapatawan pa ng hustisya ang mga napatalsik at kasalukuyang naghaharing pangkatin.

Dili iba't mga walang-kahihiyang panloloko at mga bigong pakana ang lahat ng iba pang programang amnestiya ni Arroyo, kabilang yaong mga iniaalok sa mga gerilyang BHB at MILF. Sa pag-alok ng gayong amnestiya sa mga rebolusyonaryong pwersa ng NDF at MILF, inaasahan niyang malilinlang ang mamamayan, at kung maaari pati ang mga rebolusyonaryong pwersa, sa pamamagitan ng ganitong mumurahing gimik.

Hindi ito pinapansin ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa. Ang pag-aalok ng gayong amnestiya ay isa lamang insulto sa kanila, kung tutuusin, dahil ipinagpapalagay nitong krimen ang pagrerebolusyon.

Hindi mga mapanlinlang at patraydor na mga alok ng amnestiya ang dapat na tugon sa matagal nang sigaw ng sambayanan para sa hustisya at katarungan. Sa mumurahin at mapanlin-

lang na mga gimik ni Arroyo tulad ng amnesti, tahasang paghamak lamang ang nararapat na itugon ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa at ng dinusta at nagngangalit na mamamayan.

Mula't sapul, iginigiit ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa, mga nagtataguyod ng karapatang-tao, ng mga biktima mismo at ng buong bayan ang pangangailangang pagwawasto sa walang habas na paglabag ng reaksyunaryong gubyerno sa kanilang soberanya, kalayaan at mga demokratikong karapatan.

Isinusulong ng Partido at ng pinamumunuan nitong hukbong bayan at kilusan ang rebolusyonaryong pakikibaka upang maibagsak ang papet, pasista at reaksyunaryong estado at sistema at kapalit ay maitayo ang isang independyente, demokratiko at rebolusyonaryong estado at sistema.

Para makatulong sa pagpapapabilis at pagpapadali ng proseso, sinisikap din ng mga rebolusyonaryong pwersa ang pakikipagusapang pangkapayapaan sa reakqubyerno syunaryong upang hamunin na harapin at lutasin ang mga sanhi ng labanan at tumulong sa pagkakamit ng kapayapaan. Kaakibat sa proseso ng usapan, iginigiit ng mga rebolusyonaryong pwersa sa reaksyunaryong qubyerno na kagyatang maibsan ang paghihirap ng mamamayan. Magaqawa ito sa pamamagitan ng mga hakbanging tulad ng pagtigil sa mga operasyong militar ng qubyerno, pagsugpo sa mga paglabag sa mga karapatang-tao, pagpaparusa sa mga pangunahing pasista at may malalaking kasalanan sa bayan, pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal at pagbibigay ng bayad-pinsala sa mqa biktima ng karahasang militar.



Taon XXXIV Blg. 22 Disyembre 21, 2003

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Usapang NDFP-GRP	3
Paglabag sa karapatang	
pangmanggagawa	4
GATS	5
Dislokasyon ng mga Aeta	5
Kongreso ng CNL	6
Radyo Gil-ayab ng Cagayan	7
Dalawang dula ni Ka Amado	8
Balita	10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Wala pa ring kaisahan

Bilang tugon sa ilang ulit na pag-aanunsyo ng rehimeng Arroyo na muling nagpapatuloy ang usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng National Democratic Front of the Philippines, inilinaw ng NDFP na wala pang aktwal na pormal na paguusap ni wala pang kasunduan kung paano ito muling bubuksan. Ang naganap noong Oktubre at nitong Nobyembre ay mga impormal na preliminaryong paguusap lamang sa pagitan ng mga peace panel ng NDFP at GRP.

Desperadong pinalalabas ng rehimen na sumusulong ang usapang pangkapayapaan. Nais niya itong gamitin sa harap ng papaliit na tsansang manalo sa darating na eleksyon. Gayunpaman, wala pang anumang makabuluhan at upisyal na konsesyon ang GRP para tunay na mabigyang-daan ang pagpapatuloy ng aktwal na usapan. Sa unang serye ng usapan, mistulang binawi ng GRP ang naunang pusisyon nitong isahang pag-uusap na nakasentro sa inihain nitong Final Peace Agreement (FPA). Ito ang batayan kung bakit inianunsyo ng NDFP noong Oktubre na "nalalapit" na ang muling pagbubukas ng usapan.

Ngunit sa bandang huli, ang kinalalabasan ay gusto pa rin ng GRP na itali ang usapan sa FPA nang igiit nitong kailangang sabay-sabay na pirmahan ang magkakahiwalay na kasunduan. Mas masahol pa'y nais ng GRP na itakda ang pirmahan bago ang eleksyon ng 2004—na higit pang mas mabilis kaysa unang itinakda nila sa FPA.

Nitong Nobyembre, sinikap ng dalawang panig na lutasin ang mga balakid sa muling pagbubukas ng pormal na negosasyon. Bagamat nagkaroon ng mga makabuluhang pag-uusap, walang nabuong anumang upisyal na kasunduan. Wala ring mapagpasyang narating kaugnay ng muling pagbubukas ng pormal na usapan.

Pangunahin sa mga tinalakay ay ang paglilista sa PKP, BHB at kay Kasamang Jose Maria Sison bilang "dayuhang terorista," ang pagbasura ng GRP sa mga naunang kasunduan bilang balangkas ng usapan at ang paggigiit nito ng "pinal na kasunduang pangkapayapaan."

Iginigiit ng NDFP sa GRP na kilanling ang naturang listahang ginawa ng US at ilang bansa sa European Union ay masahol na paglabag ng mga dayuhang kapangyarihan sa mga karapatan ni Kasamang Sison at panghihimasok sa mga usapin sa



pagitan ng NDFP at GRP. Gayundin, iginiit ng NDFP na ang ginawang aktibong pagtulad ng GRP sa US at EU na ipabilang ang PKP, BHB at si Kasamang Sison sa naturang listahan ay isang mabigat na paglabag sa dati nang nabuong mga kasunduan. Ayon sa NDFP panel, marapat na ito'y itakwil at iwasto ng GRP.

Kinilala ng GRP na nagsilbing balakid sa negosasyon ang ginawang paglilista. Gayunman, itinanggi nito na may kinalaman ito sa paglilista—bagay na paulit-ulit na pinasisinungalingan ng mga pahayag at aksyon ng mga upisyal ng rehimen. Nangako na lamang itong gumawa ng mga kinakailangang hakbanging ligal, pulitikal at diplomatiko para maiwasto ito at mabigyang—seguridad ang mga tauhan ng NDFP alinsunod sa mga naunang kasunduan.

Makailang beses na tinangka ng GRP na palabnawin ang papel at bisa ng mga naunang kasunduan katulad ng The Hague Joint Declaration, Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) at iba pang kasunod na kasunduan. Pinipilit ng GRP panel na ang mga ito'y ituring lamang na "gabay" sa halip na "balangkas" ng pag-uusap. Ikinatwiran ng GRP na kailangang manaig ang kanilang konstitusyon. Pero hindi nito makontra ang paninindigan ng NDFP panel na kailangang panatilihing "balangkas" ng usapan ang mga ito dahil may magkaibang konstitusyon, gubyerno, hukbo at mga pwersa ang magkabilang panig.

Nagkaroon naman ng pagsulong sa iba pang usapin katulad ng pagbubuo ng Joint Monitoring Committee alinsunod sa CARHRIHL at pagpapatuloy ng gawain ng reciprocal working committee sa Socio-Economic Reforms, pangalawa sa apat na substantibong usapin sa adyenda ng usapan. Pero gagawin pa lamang ng GRP ang bahagi nito kapag sundan sa "Usapan...", pahina 4

Paglabag sa mga karapatang pangmanggagawa

Dumami ang mga paglabag sa karapatang mag-unyon at iba pang karapatang pangmanggagawa sa loob ng halos tatlong taong panunungkulan ni Gloria Arroyo. Ayon sa Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR), may naitalang 91 kaso ng pang-aatake sa mga manggagawa sa mga piketlayn mula Enero hanggang Nobyembre nitong taon. Bumiktima ito ng 1,857 manggagawa.

Karamihan sa mga kaso ay pagaresto at pagbilanggo, pagatake sa mga piketlayn, paniniktik sa mga lider-manggagawa, malubhang pananakot, sexual harassment at pagpatay.

Batay sa parsyal na talaan ng CTUHR, may 28 kaso ng pag-atake sa mga piketlayn na may 1,621 biktima. May 394 biktima sa siyam na insidente ng pananakot sa mga nagwewelga at pagsubaybay sa mga kilos ng mga lider-obrero. Nasaktan ang 203 manggagawa sa tatlong insidente ng pambubugbog at pamamalo habang binubuwag ang piketlayn.

May sampung kaso ng arbitra-

ryong pag-aresto sa 50 manggagawa. Samantala, 35 katao naman ang biktima ng pitong kaso ng iligal na detensyon.

Hindi rin nakaligtas sa sexual harassment ang mga manggagawang babae. May naitala namang isang kaso ng pagpatay.

Nangyari ang pandarahas sa mga piketlayn ng mga manggagawa sa Light Rail Transit (LRT), La Tondeña, Lepanto Mining Corporation, Nestlé Philippines, NE Poultry Processing Plant, Rustan's, Sackline Industrial Corporation, San Miguel Corporation, Sulpicio Lines, Yusung ADVENTURE, Martex, Kosiphil, GOP, Reino's Chicken, PASVIL/Pascual Liner at Ren Transport. Dinemolis and isand komunidad ng mga manggagawa sa Parola, Tondo sa Maynila.

Bukod sa paggamit sa mga gwardya, eskirol at *goons*, nakipagsabwatan ang maneydsment sa nasyunal at lokal na gubyerno laban sa mga manggagawa. Ginagamit nito ang mga pwersa ng Philippine National Police (PNP) kabilang ang Regional Special Action Force, Regional Mobile Group, Special Warfare Team (SWAT) at mga pulis ng PEZA. Kalahok din ang mga ahente ng National Bureau of Investigation, mga *sheriff* at kahit mga barangay tanod.

WELGA

May malaking pananagutan ang kasalukuyang gubyerno sa papalaking bilang ng mga paglabag sa mga karapatang pangmanggagawa. Sa pagtatangka ni Arroyo na ipagbawal ang welga, malupit nitong sinusupil at dinadahas ang mga manggagawa. Walang pakundangang sinusupil ang mga karapatan ng mga manggagawa upang patunayan lamang ang pagsuporta ni Arroyo sa kanyang mga among kapitalista.

"Usapan...", mula sa pahina 3

muling nagsimula na ang pormal na usapan.

Bilang bahagi ng confidence-building measures (mga paborableng hakbangin para sa negosasyon), pumayag ang GRP na gumawa ng mga angkop na pagsisikap, tulad ng pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal at pagbibigay-daan sa pagbabayad-pinsala sa mga biktima sa paglabag ng diktadurang Marcos sa karapatang-tao. Sa kabilang banda, gusto ng GRP panel na bawasan pa ng P2 bilyon ang dati nang naipirme at napagkasunduang halagang P10 bilyon para rito. Wala pang kasunduan tungkol dito.

Tinanggihan ng NDFP ang panukala ng GRP na sabayang tigil-putukan mula sa Kapaskuhan hanggang matapos ang usapang pangkapayapaan. Sa halip, nagdeklara na lamang ang NDFP ng *unilateral* na pagtigil sa mga opensiba mula Disyembre 20 hanggang Enero 4, 2004 bilang paggalang sa tradisyon ng Kapaskuhan.

Sa huli, walang inilabas na pinag-isang pahayag ang dalawang panig. Wala rin namang anumang mapagpasyang upisyal na napagkaisahan. Nananatiling bukas ang NDFP sa pagpapatuloy ng usapan para maisulong ang interes ng sambayanan sa lahat ng larangan. Pero kailangang isaisantabi ng GRP ang balangkas ng "pagpapasuko" ng mga rebolusyonaryong pwersa at makipagkaisa sa mga karapatdapat na balangkas para maganap ang makabuluhang negosasasyon ng dalawang magkalabang pwersa.

Ibayong pagsasamantala, ibayong pahirap

adyang walang preno ang mga hayok na imperyalista sa pagmamaniobra upang lubusang makamal ang pinakamalaking pakinabang mula sa mamamayan ng buong mundo. Todo-todong inilalarga sa ngayon ng mga multinasyunal at transnasyunal na kumpanya, sa pamamagitan ng World Trade Organization (WTO), ang mga negosasyon para ganap na maisakatuparan ang General Agreement on Trade in Services o GATS.

Ang GATS ay isa sa mga kasunduang nabuo sa Uruquay Round ng GATT noong 1994. Saklaw nito ang liberalisasyon at deregulasyon ng mga serbisyo hindi

lamang sa sektor ng komersyo, kundi maging sa mga

pampublikong institusvon utilities. Kahanay ang GATS sa mga krusyal na kasunduan para sa sektor ng agrikultura, pamumuhunan at kalakalan. Sa pamamagitan ng GATS, mapapasok na ng mga dayuhang kumpanya ang mga negosyo at institusyon na dati'y nakalaan para sa mga lokal na negosyante at sa qubyerno.

Nirerepaso ito ngayon ng WTO upang lalo pang palawakin ang saklaw na mga serbisyo at sa proseso ay brasuhin ang kalakhan sa mga kasaping bansa ng WTO na magpahanggang ngayon ay tumatangging pumasok sa GATS.

Naging sentro ang mga negosasyon sa GATS matapos bumagsak ang mga negosasyon para sa Multilateral Agreement on Investments (MAI) noong 1998, ang mga usapang pangkalakalan sa Seattle, USA noong 1999 at ang Fifth Ministerial Meeting ng WTO sa Cancun, Mexico nitong Setyembre. Tumampok sa Cancun ang pag-aalma na ng maliliit na bansa sa ibayo pang liberalisasyon sa kalakalan na isinusulong ng US, EU at Japan.

Pumasok na ngayon sa pinakamaigting na bahagi ang mga negosasyon sa GATS. Pinipinal na kung aling mga serbisyo ang lubusang isasabak sa

liberalisasyon at kung alin ang ititira sa mga bansa. Inilulunsad sa naturang mga negosasyon ang pambabraso at panggigipit ng mga imperyalistang bansa sa mga malakolonya.

Mga saklaw na serbisyo

Walang malinaw na depinisyon ang WTO sa kahulugan ng "serbisyo" sa konteksto ng GATS. Naglaan lamang ito ng mga kategorya: negosyo; komunikasyon; konstruksyon at iba pang kaugnay na engineering; serbisyong distribusyon; edukasyon; kalikasan; pinansya; mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan; turismo at paglalakbay; libangan, kultura at palakasan; transportasyon at napakarami pang

Ayon sa WTO Secretariat, 42 bansa pa lamang ang nagbukas ng kanilang mga ospital sa GATS. Labinlimang bansa naman ang nagbukas ng mga kaakibat na serbisyong pangkalusugan, katulad ng mga laboratoryo at iba pa. Pitumpu't walong bansa naman ang nagbukas ng kanilang segurong pangkalusugan. Kumpara sa bilang ng mga bansang naobliga nang maqbukas sa iba pang kategorya, pinakamaliit na bilang ng mga bansa ang napagbukas ng kanilang mga

Operasyong militar sa panahon ng tigil putukan:

230 pamilyang Aeta nagsilikas

⊤agsilikas mula noong Disyembre 10 ang 230 pamilyang Aeta mula sa kanilang mga tahanan sa hangganan ng Zambales at Pampanga upang umiwas sa matitinding operasyong inilulunsad ng 24th IB at 69th IB. Inilunsad ang mga operasyon labag sa tiqil-putukan na idineklara ni Gloria Arroyo mula Disyembre 10, 2003 hanggang Enero 6, 2004.

iba.

Noong Disyembre 15 ay nagsimulang magkampo ang mga katutubo sa labas ng kapitolyo ng Pampanga upang igiit ang pag-atras ng naq-ooperasyong militar at ang pagbuwag sa lahat ng detatsment sa lugar. Ang aksyong masa ay inorganisa ng Central Luzon Aeta Association (CLAA) at suportado ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon at ng partidong Anakpawis.

Ayon kay Nelson Mallari, tagapangulo ng CLAA, ang mga lumikas na Aeta ay mula sa mga sityo ng Balangkas, Sentro at Barsola sa Barangay Kamias, Porac at Barangay Nabuklod, Floridablanca. Inoperasyon and naturand mga lugar habang nasa kasagsagan ang mga Aeta ng pag-aani ng palay. 🕮 ×

serbisyong pangkalusugan, gayon na rin ng kanilang sektor ng edukasyon. Desperado ngayon ang WTO na itulak ang paparami pang mga bansa na buksan ang naturang mga batayang serbisyo sa lubos na liberalisasyon.

Todo-todong liberalisasyon

Ayon sa GATS, kailangang igawad ng isang bansa ang istatus na "Most Favored Nation" sa lahat ng mga bansang pumasok sa kasunduan. Ibig sabihin, kapag may buksa na isang bansa, kailangang papasukin na sa bansang iyon ang pang bansa.

Sa pamamagitan ng patakarang "National Treatment", dapat na ring pagpantayin ang mga karapatan ng mga dayuhan at lokal na kumpanya.

Itinatakda ng WTO ang pagtatanggal ng mga subsidyo sa mga serbisyong panlipunan ng mga gubyerno dahil malilimitahan nito ang mga negosyong nais itayo ng mga imperyalista.

Iniuutos din ang pagtatanggal ng mga restriksyon at regulasyon sa pagnenegosyo ng mga kumpanya sa serbisyo. Kabilang dito ang pagtatanggal sa mga lokal na patakarang nagtitiyak sa pangangalaga sa kalikasan at kalusugan ng mamamayan.

Wala na ring puwang para mabago o maiurong ang mga komitment ng mga bansa sa GATS. Tinanggal ng WTO ang karapatan ng mga bansa na magpatupad ng sariling mga patakarang taliwas sa GATS. Maaaring patawan ng parusa ang alinmang bansang hindi tutupad sa mga kasunduan.


Tugon ng papet na rehimen

Sa ngayon, nagkukunwaring bumabatikos ang rehimeng Arroyo sa ilang mga patakaran ng WTO at ilang mga maniobra ng amo nitong imperyalismong US. Gayunpaman, patuloy nitong ipinatutupad ang mga mapangwasak na patakaran ng imperyalistang globalisasyon sa bansa. Ipinagpapatuloy at pinasasahol pa ng rehimen ang liberalisasyon ng mga serbisyo na binuksan na ng GATS at ng iba pang programa sa "globalisasyon." Nakatakda rin itong magbukas sa mga dayuhan ng iba pang larangan ng serbisyo sa kabila ng mariing pagtutol dito ng mga nasa sektor ng serbisyo.

Noong 1994, ibinukas sa GATS ng reaksyunaryong gubyerno ang liberalisasyon sa serbisyong pampinansya (mga bangko at seguro), komunikasyon, transportasyon at turismo. Binigyang-laya naman ng rehimeng Ramos ang mga dayuhang korporasyon na kontrolin ang pagbibigay ng serbisyo sa tubig at kalusugan.

Christians for National Liberation

Lumalakas, sumusulong



sektor ng simbahan.

Sa naturang kongreso, inihalal bilang bagong tagapangulo si Fr. Servando Popolus, isang paring Katoliko.

Sa halos tatlong dekada na kinatangian ng iba't ibang mga pihit ng rebolusyonaryong pakikibaka, nagpunyagi at matatag na nanindigan ang CNL upang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon. Patuloy itong gumagampan ng katangi-tangi at tinitingalang papel bilang isa sa mga alyadong organisasyon sa loob ng National Democratic Front. Pinatunayan nito ang mahalaga at epektibong papel ng mga rebolusyonaryong Kristyano sa pambansang nagkakaisang prente, pagpapakilos ng malawak na hanay ng masa at pangkalahatang pagsusulong ng rebolusyon.

Sa unang mga taon ng rebolusyonaryong kilusan, malaki ang iniambag ng CNL sa pagtatanggol at pagpreserba sa rebolusyonaryong hanay sa pamamagitan ng pagliligtas at pagtatago sa mga kadre na tinutugis ng diktadura at paglalatag ng malawak na lambat ng mga pasilidad para sa gamit ng mga rebolusyonaryong pwersa. Sa pagputok ng unang mga pagkilos laban sa diktadura, kakapit-bisig sila ng mga



manggagawa at iba pang aping sektor sa pagbasag pasistang lagim kapwa sa publiko at reaksyunaryong midya.

Higit dito, makabuluhang nag-ambag ang CNL sa pagpapalakas sa armadong kilusan sa kanayunan sa pamamagitan ng materyal na suporta at pagdedeploy ng mga kasapi nito sa Bagong Hukbong Bayan. Kinikilala ng Partido ang malaking ambaq nito sa panimulang paglalatag ng mga larangang gerilya sa buong bansa.

Sa sumunod na mga taon, itinaquyod ng CNL ang iba't ibang mga tungkulin upang palakasin at palawakin ang rebolusyonaryong hanay. Nitong nakaraang dekada, matagumpay na nilabanan ng mga kasapi ng CNL ang mga oportunistang taksil at nag-ambag sa pangkalahatang tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Ttinatag ang CNL noong 1973 bilang pagkilala sa Limpluwensya ng relihiyong Kristyano sa lipunang Pilipino at sa malaking potensyal ng pag-oorganisa at pagpapakilos ng mga taong-simbahan para sa pambansang paglaya at demokrasya alinsunod sa kanilang paniniwala. Ang pagkakatatag nito ay isang organisadong pagtugon ng mga taongsimbahan sa kagyat na hamon na labanan ang kahirapan at pang-aapi na dinaranas sambayanan.

Sa kasalukuyan, isang malaking hamon para sa CNL ang pagpapalawak at pagpapatatag ng kanilang organisasvon bilang bahagi pangkalahatang rebolusyonaryong kilusan. Kalakhan ng sektor ay napapabilang sa uri ng petiburgesya at sa gayon ay maaaring imulat, organisahin at pakilusin alinsunod sa kanilang pambansa at demokratikong interes. Bilang pagkilala sa katangian ng kanilang uri, kinakailangang mahigpit na nakakawing ang kanilang kilusan sa pakikibaka ng batayang masa sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pakikisalamuha at pakikibahagi sa pakikibaka ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang api at pinagsasamantalahang sektor.

Higit dito, kailangang aktibong lumahok ang armadong kasapian sa pakikibaka bilang pangunahin at mapagpasyang anyo ng rebolusyon. Nananatiling malaki ang maaaring iambag ng mga nito sa paqbubukas, paqbawi kasapi pagpapatatag ng mga larangang gerilya at pagsisilbi bilang mga Pulang mandirigma nq Bagong Hukbong Bayan.

Radyo Gil-ayab sa Cagayan

Dagdag na armas sa gawaing edukasyon, propaganda at kultura



nimo'y titis na nagpasimula ng malawak na apoy sa buong Cagayan Valley ang trial broadcast ng Radyo Gil-ayab.

Naq-aalab ngayon sa buong Cagayan Valley ang Radvo Gil-ayab ("lagablab" sa Pilipino), ang himpilan sa radyo ng rebolusyonaryong kilusan sa Northeastern Luzon. Matapos ang matagumpay na trial broadcast, regular na ilalabas ang Radyo Gil-ayab tuwing dalawang buwan at palalaganapin sa anyo ng CD at cassette tape.

Layunin ng Gil-ayab na ilinaw sa mamamayan ang tindig at pagsusuri ng rebolusyonaryong kilusan hinggil sa maiinit na isyu sa rehiyon at buong bansa, ihatid ang mga balita kaugnay ng pakikibaka ng sambayanan at palaganapin ang rebolusyonaryong kultura at sining.

Sa pagsubok na brodkas nito noong Oktubre, itinampok ang mensahe sa Linggo ng mga Magsasaka ni Ka Salvador del Pueblo, ang tagapagsalita ng NDF sa rehiyon.

Lubos namang kinagiliwan ng mga kasama at masa ang Paran, isang paggaya sa patalastas sa Bombo Radyo-Cagayan hinggil sa kabulukan ng hweteng at sa paggamit dito bilang palabigasan ng mga pulitiko. Pero


sundan sa "Gil-ayab", pahina 8

Pagtatanghal ng kambal-dula

Pagsasabuhay sa makauring kultura at sa diwa ni Gat Amado

Patuloy na sumusulong ang rebolusyonaryong sining at panitikan. Ito ang pinatutunayan ng pagtatanghal ng magkatambal na dulang Langaw sa Isang Basong Gatas at Panata ng Isang Lider.

Sa pangunguna ng Amado V. Hernandez Resource Center (AVHRC) at Concerned Artists of the Philippines (CAP), ang kambal-dulang ito ay sinimulang itanghal noong Setyembre 2003 sa mga paaralan, tanggapan ng gubyerno at sa mga komunidad ng mga manggagawa at magsasaka. Bahagi ito ng serye



ng mga aktibidad na nakatuon sa paggunita sa sentenaryo ng kapanganakan ni Gat Amado na

"Gil-ayab", mula sa pahina 7

sa adaptasyong ito, ang pinagtatalunan ni Paran at ng kanyang asawa ay hindi ang pagtaya sa hweteng, kundi ang pagsama sa rali-kumprontasyon ng mga magsasaka para sa pagpapababa ng interes sa pautang.

Ibinalita naman sa bahaging Tangguyob ti Gubat ("Tambuli ng Digma") ang maiinit na pangyayari sa rehiyon at sa buong bansa noong Agosto at Setyembre.

Labis ding ikinatuwa ng masa ang pagpapatampok sa seksyong pangkultura ng Laglagipen, Ilaban Nagbannugan! ("Tandaan, Ipaglaban ang Pinagpaguran"). Isang kanta ito hinggil sa paglaban ng mamamayan sa Community-based Forest Management o CBFM na isa sa maiinit na isyu ng magsasaka sa buong rehiyon.

Ang unang regular na brodkas ay planong ilunsad ngayong buwan. Bilang pagtulad sa kinagigiliwang mga programa sa burges na masmidya, magtatampok ang Radyo Gil-ayab ng mga dagdag na bahagi tulad ng Toy Nagsurat a Kadasig yo ("Itong Sumulat na Kauri Ninyo"), isang drama tungkol sa buhay at pakikibaka ng mga kasama at masa; Takder Proletaryo ("Proletaryong Tindig"), isang 20minutong talakayan; at iba pa.

Katulad rin sa iba pang radyong gerilya, simple lamang ang kagamitan at proseso para makabuo ng isang brodkas ang Radyo Gil-ayab. Ginagamit dito ang computer program na Sound Forge 5.0 para sa pagrerekord, pagtitimpla ng tunog at paglalagay ng sound effects; at Adobe Premiere para naman sa pag-eedit. Ang iba pang kagamitan ay binubuo ng lapelle microphone, headphones, at tape recorder. Pinupuntahan ang iba't ibang yunit qerilya para makakuha ng voice talents. Ang istap ay binubuo ng tatlong tao na naggagawaing masa sa pagitan ng mga gawain sa radyo.

Dumadaan sa apat na yugto ang paggawa ng isang brodkas. Ang una ay *pre-production* o pagsusulat ng iskrip. Pagkatapos, isinasagawa ang mismong produksyon o recording.

Sunod ang pag-eedit at panghuli naman ang pagpaparami ng mga kopya. Ang isang produksyon ay karaniwang tumatagal nang isa hanggang dalawang linggo. Plano rin ng Radyo Gil-ayab na magtayo ng katulad na yunit o mga grupong pangradyo sa bawat larangang gerilya sa rehiyon.

Ang Radyo Gil-ayab ang pinakabago sa maraming anyo ng propaganda na minamaksimisa ngayon ng rebolusyonaryong kilusan sa Cagayan Valley para tugunan ang panawagan ng Partido na ibayong paghusayin at pasaklawin ang gawaing propaganda at edukasyon.

Sa pagsasahimpapawid ng Radyo Gil-ayab, inaasahang libulibo pang mamamayan ang aabutin ng rebolusyonaryong propaganda na ibayong magpapataas sa kamulatan at militansya ng masa at mga kasama, at ibayo pang magpapalab ng apoy ng pakikibaka sa buong Cagayan Valley.

tatagal hanggang Setyembre 2004.

Ang dalawang dula ay nakabatay sa 🥞 maiikling dalawang kwentong likha ni Gat Amado. Ang Langaw sa Isang Basona Gatas ay unang inilimbag noong 1970. Gamit naman ang pangalang "Amante Ernani", inilabas ni Gat Amado ang Panata ng Isang Lider sa magasing Liwayway noong Enero 18, 1960.

Ang pagsasadula at pagdirek sa mga ito ay pinangunahan ni Bonifacio Ilagan, isang premyado at militanteng manunulat at direktor.

Bagamat nakakonteksto sa kalagitnaan pa ng siglo 1900, pinapaksa ng mga dulang ito ang maigting na makauring tunggalian na patuloy na umiiral sa ating lipunan.

Panata ng Isang Lider

Ang dulang *Panata ng Isang Lider* ay tungkol sa buhay ni Noel, isang ordinaryong manggagawa at lider-unyon. Sa dula, isinalaysay ng kabiyak niyang si Marta ang mga pasakit at pakikibaka ni Noel at ang mga sakripisyo at hirap dahil sa pagkakapiit ni Noel.

Si Noel ay ibinilanggo dahil sa paratang sa kanya ng maneydsment ng pagsisimula ng sunog sa upisina habang nakawelga ang unyon.

Habang nakabilanggo si Noel, lubos na inunawa ng kanyang pamilya ang kahalagahan ng pakikibaka at ang kaakibat nitong hirap at sakripisyo. Natutong tumindig sa sariling paa si Marta at harapin ang kanyang takot. Dito rin lalong nasaksihan ni Noel ang kabulukan ng sistema ng lipunan.

Sa paglaya ni Noel, walang alintanang muling ibinuhos ang kanyang panahon sa pagkilos. Buong pagmamalaki niyang sinabi

pagmamalaki niyang sinabi sa kanyang mag-ina na,
"Bawat magulang ay dapat maging uliran ng kanyang mga anak. Anong huwaran ang ipamamana sa ating supling kung tayo'y uurong sa tawag ng tungkulin? Mabuti nang ang magulang ang magsakripisyo kaysa isalin sa mga anak ang lagim ng isang madilim na

kinabukasan."
Ipinakita sa
dula na kahit sa
gitna ng kahirapang dinanas
nilang mag-

anak, ang problema ay tulad lamang ng mga "kalawang na tinanggal sa asero." Buong tapang na hinarap ni Marta ang hamon ng asawa't nakangiting sinabi na "Kailangang bukas ang loob. Maiiba't maiiba ang mga planong pansarili."

Langaw sa Isang Basong Gatas

Inilarawan naman ng dulang Langaw sa Isang Basong Gatas ang kwento ng mag-anak na sina Bandong, Ana at kanilang tatlong anak. Matiwasay silang namumuhay at nagsasaka sa isang ektaryang lupang minana mula sa mga ninuno.

Isang araw, biglang dumating ang mga trak na lulan ang mga obrerong magtatayo ng subdibisyong Royal Lanes sa katabing bukirin. Sa umpisa ay napahanga ang mag-anak sa mabilis na pagunlad ng bukirin na ayon kay Bandong ay "dating pinaggugubat ng talahib at amorseko... ngayo'y

isang maliit na lunsod ng mga tahanang kapana-panaghili."

Ngunit sa kalaunan, ang dating pagkamangha ay nauwi sa poot nang pag-interesan ng debeloper ng subdibisyon pati ang kanilang lupa. Kakutsaba ang ahente ng tesorero at mga pulis, pinalalayas ng administrador ng Royal Lanes ang mag-anak dahil "sa tingin ng korporasyon, ang pagkakadikit ng bakuran ninyo sa Royal Lanes ay kaparis ng langaw na nakadapo sa isang basong gatas."

Namulat ang mag-anak sa katotohanang kailangan ang paglaban para sa mga karapatang niyuyurakan ng naghaharing uri sa lipunan.

MASIGABONG palakpakan ang tugon ng mga manoonod sa mga isinagawang pagtatanghal. Kahit nagkaroon ng mga suliranin sa ilang aspetong teknikal at payak na mga kagamitan sa ibang lugar na pinagtanghalan, kapansinpansin ang masiglang pagtangkilik at taimtim na pagsubaybay ng mga manonood sa dula.

Dahil alam na alam ng mga nangasiwa, direktor, artista at iba pang kalahok sa mga pagtatanghal na ang kanilang gawain ay importanteng ambag sa pagpukaw at pag-organisa ng masa, masigasig nilang pinalalawak ang pagtatanghal ng mga ito, walang tigil na pinahuhusay at pinauunlad sa bawat pagtatanghal.

Patuloy nilang nilulutas at pinangingibabawan ang mga kahirapan at iba pang usapin sa paglulunsad ng dula. Silang mga makabayan at militanteng manggagawa sa kultura ay humahalaw ng inspirasyon sa sining at panitikan ni Gat Amado upang higit pang paglingkuran ang sambayanang Pilipino.





4 na sundalong bihag ng MILF, pinalaya

PINALAYA nitong Disyembre 18 ng Moro Islamic

Liberation Front (MILF) ang apat na bihag sa digma sa Datu Piang, Maguindanao. Isinagawa ang pagpapalaya isang araw pagkatapos magkasundo ang magkabilang panig na itigil ang mga labanan.

Nahuli ang apat na bihag nitong Disyembre 16 nang makasagupa nila ang MILF sa baryo ng Gawang, bayan ng Datu Saudi Ampatuan. Mga tropa sila ng 7th IB na noo'y nagsasagawa diumano ng "pursuit operations" laban sa kriminal na Pentagon Gang. Labing-isang sundalo at siyam na gerilyang MILF ang napatay sa naganap na mga labanan. May nawawala pang 12 militar at CAFGU. Nasira rin ang isang helikopter ng AFP nang pagbabarilin ito ng MILF.

Utang ng bansa, patuloy sa paglobo

PATULOY na lumolobo ang utang ng Pilipinas bunsod ng gahiganteng depisit sa badyet ng qubyerno.

Batay sa datos ng Setyembre, ang kabuuang utang ng Pilipinas ay umabot na sa 68.7% ng gross national product. Binagabag ang gubyerno ng malalaking depisit sa badyet sa nakaraang siyam na taon simula noong 1989. Lumobo ang pampublikong utang nito sa P5.162 trilyon, na mas malaki pa kaysa sa halaga ng kabuuang economic output.

Halos kalahati ng P864.8 bilyong panukalang pambansang badyet para sa 2004 (o P542.2 bilyon) ay mapupunta sa bayad-utang.

Samantala, upang makalikom ng pondo ang bangkrap na gubyerno, inirekomenda ng International Monetary Fund na magpataw ito ng dagdag na buwis sa langis, beer, sigarilyo at text messaging.

Saddam Hussein, nadakip

NADAKIP ng mga pwersang Amerikano nitong Disyembre 14 sa Tikrit, kanyang bayang sinilangan si Saddam Hussein, presidente ng Iraq. Natuklasan ng mga sundalong Amerikano si Saddam sa pinagkublian niyang hukay sa likod ng isang bahay.

Agad na ipinagyabang ng rehimeng Bush ang pagkakadakip kay Saddam lalupa't sa halos buong panahon ng kanilang okupasyon ng Iraq, walang ibang naibalita kundi ang papalaking bilang ng kaswalti ng mga sundalong Amerikano at papalalang kalagayan ng mamamayang Iraqi.

Gayunpaman, hindi nasapawan ng pagkakadakip kay Hussein ang matinding galit at maigting na paglaban ng mamamayang Iraqi, gayundin ang maraming problema ng US sa pananakop sa Iraq.

Kinabukasan, magkasunod na pinasabugan ang dalawang istasyon ng pulis. Siyam katao ang napatay at 20 ang nasugatan.

Patulov ang mariing paqtutol nq mqa Iraqi sa dayuhang okupasyon kanilang bayan. Patuloy ang protesta nila sa pagsosona at pamamaril sa kanilang mga komunidad sa walang at pakundangang pang-aaresto at detensyon, pagmamaltrato at pang-aabuso sa mga kalalakihang Iragi.

Samantala, malaking problema ng US ang pagbubuo ng maaasahang papet na hukbo para magsilbing quluqod sa pagtatayo ng papet na gubyerno sa Iraq. Noong Disyembre 13, 300 sundalong Iragi ang tumiwalag 700-kataong sa batalyong Iragi na sinasanay ng US upang humalili sa mga pwersang Amerikano. Tinutulan nila ang napakababang pasahod ng mga mananakop.

Pagsalakay ng US sa Cuba, pinaghahandaan

AKTIBONG pinaghahandaan kap-wa ng mga tropang regular at milisyang bayan ng Cuba ang posibleng pagsalakay sa harap ng bago at pinatinding mga pananakot ng imperyalismong US. Matatandaan nitong nakaraang ilang buwan na muling tinukoy at pinalapad pa ni Pres. George W. Bush ng US na "axis of evil" o "sentro ng kasamaan. Bukod sa Iraq, North Korea at Iran, isinama na rin ang Cuba at Syria.

Nakabatay sa konseptong "War of All People" ang sistemang depensa ng Cuba na nakikitang tanging paraan upang matagumpay na malabanan ang anumang agresyong militar ng US. Alinsunod ito sa National Defense Law No. 75 kung saan ang bawat Cubano ay nagsasanay at nagpapaunlad ng kanyang kakayahang lumaban sakaling ituloy nga ng US ang pagsalakay nito sa Cuba.

Ople, 76, pinarangalan ng imperyalismong US. Namatay si Foreign Affairs Sec. Blas Ople nitong Disyembre 14 sa isang ospital sa Taiwan. Abot-langit ang parangal ng imperyalismong US at ng mga kapwa reaksyunaryong pulitiko sa naging maka-dayuhan at antimamamayang gawain ni Ople.



Taon XXXIV Blg. 22 Disyembre 21, 2003 www.philippinerevolution.org

Bagong programang amnestiya ng rehimeng Arroyo

Isa na namang pagtraydor sa mamamayan

Bukod sa pagiging isang mumurahin at desperadong gimik sa pulitika, ang bagong programang amnestiya ng rehimeng Arroyo ay pagtatangka na naman ni Gloria Macapagal-Arroyo na tusong baligtarin ang mga pangkasaysayang hatol ng bayan laban sa pinatalsik nilang mga buhong ng Malakanyang sa katauhan nina Ferdinand Marcos at Joseph Estrada.

Ang bagong alok na amnestiya ay mariing kinukundena ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa at ng malawak na masa ng sambayanan, ng oposisyon sa pulitika at maging ng marami sa mismong kampo ni Arroyo.

Bunsod ng kanyang desperasyong kumapit sa poder at ipanalo ang darating na eleksyon, sinisikap ni Arroyo na makuha ang suporta ng mga Marcos at Estrada sa pamamagitan ng pag-alok sa kanila ng isang tahasang anti-mamamayang programang amnestiya. Sa proseso, nangangarap si Arroyo na


mapagkakaisa niya ang buong reaksyunaryong naghaharing uri para sumuporta sa kanya, at nang sa gayon ay makabig sa linyang "pambansang pagkakaisa".

Ang ganitong pagalok ng amnestiya sa mga Marcos at Estrada ay umaalinsunod sa patakaran ng lihim na pakikipagkutsabahan ni Arroyo sa mga oposisyong paksyon

ng mga reaksyunaryong naghaha-ring uri.

Mula't sapul nang maupo si Arroyo sa poder, wala siyang tigil sa pagbibigay ng napakaraming kunsesyon sa mga kalaban niyang pangunahing oposisyong paksyon. Ikinokompromiso lamang ng mga kunsesyong ito ang interes ng mamamayan. Kabilang sa mga ito ang mga pag-aantala sa takbo ng mga kaso ni Estrada at ang pagbibigay sa kanya ng napakaraming espesyal na pribilehiyo sa bilangguan tulad ng pagpayag na magpagamot sa US. Nakipagkutsa-bahan si Arroyo na ibalik sa mga Marcos ang bahagi ng dinambong na yamang sekwestrado at nasa pag-iingat ng mga bangko. Lubhang sinasagkaan ng renegosasyon ang pagbibigay ng bayad-pinsala sa libu-libong biktima ng karahasang militar ng diktadurang Marcos.

Kung matutuloy si Arroyo sa balak nitong pagbibigay ng amnestiya sa mga Marcos at Estrada, tuluyan nang ipagkakait ang hustisya sa sambayanang Pilipino



Mga tampok sa isyung ito...

Usapang NDFP at GRP

PAHINA 3

Kongreso ng Christians for National Liberation PAHINA 6

Radyo Gil-ayab sa Cagayan

Pahina 7